# SALITA AT BUHAY NA PINAGDAANAN NANG HARING ASUERO: NI DA MARIA AT NI JUAN POBRE SA BAYANG JERUSALEN

Published @ 2017 Trieste Publishing Pty Ltd

ISBN 9780649307142

Salita at Buhay Na Pinagdaanan Nang Haring Asuero: Ni Da Maria at Ni Juan Pobre Sa Bayang Jerusalen by Various

Except for use in any review, the reproduction or utilisation of this work in whole or in part in any form by any electronic, mechanical or other means, now known or hereafter invented, including xerography, photocopying and recording, or in any information storage or retrieval system, is forbidden without the permission of the publisher, Trieste Publishing Pty Ltd, PO Box 1576 Collingwood, Victoria 3066 Australia.

All rights reserved.

Edited by Trieste Publishing Pty Ltd.
Cover @ 2017

This book is sold subject to the condition that it shall not, by way of trade or otherwise, be lent, re-sold, hired out, or otherwise circulated without the publisher's prior consent in any form or binding or cover other than that in which it is published and without a similar condition including this condition being imposed on the subsequent purchaser.

www.triestepublishing.com

VARIOUS

# SALITA AT BUHAY NA PINAGDAANAN NANG HARING ASUERO: NI DA MARIA AT NI JUAN POBRE SA BAYANG JERUSALEN

Trieste

# SALITA AT BUHAY

NA PINAGDAANAN

# NANG HARING ASUERO

NI

## D.ª MARÍA AT NI JUAN POBRE

SA BAYANG JERUSALÉN

MANILA

IMPRENTA DE FAJARDO Y C.ª

*40.—Platerias—40.*

1905.

1963 1930

SALITA AT BÚHAY

NA PINAGDAANAN

# Nang Haring Asuero

NI

## DOÑA MARÍA AT NI JUAN POBRE

SA BAYANG JERUSALÉN

Oh Dios na Poon Todopoderoso
gumaua,t, lumalang nitong boong mundo,
tulungan mo ngayon ang labi,t, dila co
na macapag-sabi ng isang ejemplo.
Cayóng tanang Santos at mga Angeles
catoto ng Dios at Hari sa langit,
hulugan ng gracia mahina cong isip
ang sasabihin co,i, huag ding malihis.
Mga camahalan ano cayáng dapat
sucat cong masabi at ma-ipahayag,
saan man tumingin matá co,i, ilingap
cayo,i, purong-purong magnatis na lahat.
Nguni gayon man po mga camahalan
ang sasabihin co,i, aquing pupunuan,
cun sa halimbaua at aco,i, magculang
punan na ng inyong bait na hinusay.
Di anhin ang sabi niyong unang daco
na casalucuyan ng Haring Asuero,
reinong Jerusalen siyang gumobierno
at ang casanguni ay isang guinoó.

Sa anomang usap lihim man at hayag
ang Privadong ito ang nacacausap,
at siyang sa lahat ang nag papahayag
sa labas at loob nitong boon Ciudad.
Di co pag-aanhin ng̃ humabang arao
diua,i, talaga na ng̃ Dios na mahal,
manang isang gabí Hari,i, nanaguimpan
ng̃ isang malalim na cababalaghan.
Di anhi,i, inalis ang corona,t, cetro
ang napanaguimpan ng̃ Haring Asuero,
at ang hahalili ay isang villano
anác ng̃ mahirap at pulubing tauo.
Ano,i, ng̃ matantong siya,i, hahalinhan
ng̃ caniyang tang̃an na capangyarihan,
at ang hahalili isang bata lamang
at siya rin naman ang magpaparaan.
Mg̃a calumbayan sabihin pa baga
di na lamang anhin manao ang hining̃a,
sa paca,t, ang gabi tantong malalim na
ay ang naisipan ang maglarga-vista.
Umaquiat sa torre at siya,i, nag-libang
at ang larga vista ang hauac sa camay,
ang mg̃a celajes ang pinagmamasdan
gayon din ang dagat mg̃a cabunducan.
Sa niling̃ap-lingap nitong larga vista
ng̃ mg̃a pag tingin ng̃ caniyang matá,
nagcataon naman ang paglabas bagá
niyong encantadang si Doña María.
Pagcatanao niya sa gayong caningning
anaqui bathala ng̃ mg̃a bituin,
ang loob ng̃ hari ay sumuling-suling
at siya ay ualang matutuhang gauin.

Ang loob nḡ Hari hindi magcatuto,
hindi magcahusay at parating guló,
ang lalong mabuti nḡayon ang gauin co
sa junta,i, sabihin ang lahat nḡ ito.
Ano,i, nḡ dumating ang quinabucasan
pagdaca,i, tinauag ang Privadong mahal,
utos co,i, nḡayon din at huag maliban
ang lahat nḡ grandes dito,i, magcapisan.
Ang uica nḡ Hari caya co aniya
na ipinatipon ay cayong lahat na,
isang panaguimpan puso co,i, binacla
halos na magdamag aco,i, binalisa.
Na dili umano,i, aco,i, hahalinhan
nitong aquing tanḡan na capangyarihan,
na ang hahalili isang bata lamang
aco rin ang siyang magbibigay daan.
Ang napanaguinip pag-anhin co caya
pagca,t, bunḡang tulog bihirang tumama
nḡui,t, ang nagbigay nḡ lalon gambala
yaong naquita co cagabing himala.
Sa bundoc nḡ Nilo ay aquing natanao
ang isang daquila at cababalaghan,
cun itó,i, mátamo at aquing mácamtan
palad co sa mundo,i, pananaghilian.
Di co na mabatid ang bagay na ito
ang aquing naquitang sinabi sa inyo,
sucat nḡang sumira nḡ bait nḡ tauo
lalo sa mahinang loob sa banta co.
Ang bucod sa roon ang aquing namalas
na doon sa guitna nḡ malaquing alab,
may isang Diosa doon ay lumabas
nagcacapanḡagao mandin ang liuanag.

Itó manga' mahal ang lalong gumulo-
siyang bumagabag ng̃ bait isip co
dili magcahusay potencia,t, sentido
cun di co tanghalin dito sa palacio.
Caya ang uica co sa inyo ay órden
ang utos co,i, huag niyong palibanin,
soldado,t, general gumayac na tambing
sampung bastamento,t, canilang cacanin.
Ano,i, ng̃ masabi ito at maturan
pauang nagsitindig yaong calahatan,
ó Sacramagestad Hari naming mahal
búhay po,t, salapí ang aming puhunan.
O Sacramagestad ang aming talaga
na idinaraing sa iyong Alteza,
sa acalang yaon lalong magaling pa
agauin sa Turco yaong *Casa Santa*.
Totoo po Hari uica ng̃ Privado
na tapat ang sagot ng̃ mga Consejo,
sa pagca di lihim sa camahalan mo
ang layung lacarin na mangaling dito.
Hari di pagsuay ng̃ iyong vasallos
sa iyong acala na ini-uutos
ng̃uni,t, pag isipin ng̃ mahal mong loob
sa daa,i, panganib ang mg̃a saldados.
Cun ipatuloy po uica ng̃ Privado
ó mahal na Hari ang bagay na ito,
armas at cacanin ng̃ tao,t, sustento
hidi cuculang̃in at damay sa iyo.
Ng̃uni,t, pag-isipin ng̃ mahal mong loob
sa acala mo po,i, cun cami sumunod,
segurong lipol na ang iyong vasallos
at na sa raan pa ito,i, ma-uubos.

Bucod pa saroon na macatatalo
ay sa pagdaraanan ay sigurong-siguro;
caramihang hayop bagsic na di ano
pauang mapupucsá ang mg̃a soldado.
Cun magcapalad man at talunin nila
macaligtas doo,i, ang daa,i, pangamba,
cun dumating doon hirap ay lalo pa
yaong babacahin Haring encantada.
Aling vasallos mong matigas sa bacal
ó maguing patalim ang boong catauan,
ang hindi mapucsá, cataua,i, mapugnao
pagca,t, encantada ang macacalaban.
Ang mabuting gauin uica ng̃ Privado
cun mamagalingin ng̃ Hari,t, Consejo,
ng̃ayon din ilabas marali ang bando
sa loob at labás nitong ating reino.
Sabihin sa bando dito,i, magcapisan
ang bata,t, matanda nitong caharian,
saca ipahayag yaong cautusán
ang balang iyo pong maguing calooban.
Marangal na Hari na bunying Asuero
matuid ang sabi ng̃ iyong Privado,
na cun mapisan na ang lahat ng̃ tauo
tayo po,i, mag-utos na magpanibago.
Cun gayon ang uica ng̃ Haring marangal
hayo,t, ipagbando sa loob at lual,
na tungcol lalaqui dito,i, magcapisan
sa loob ng̃ boo na siyam na arao.
Ang utos na ito,i, maringig ng̃ lahat
ay hindi naliban bando,i, inilacad,
sabihin ang guló na di hamac-hamac
ng̃ mg̃a lalaqui balang macamatiag.